# SprayDays Factsheet

## Ang SprayDays ay ang kauna-unahang sistema ng ganitong uri sa buong estado na nagbibigay ng real-time na mga update at impormasyon bago gamitin ang mga partikular na pesticide sa mga sakahan sa California.

### Manatiling May Alam

**Kumuha ng Mga Update Bago Gamitin ang Partikular na Pesticide –** Tingnan ang mga nakaiskedyul na paggamit ng mga pesticide na may nililimitahang sangkap sa California para sa produksiyong agrikultural sa isang interactive na mapa o mag-sign up para sa mga abiso sa mahigit 10 wika.

### Mga Pangunahing Feature

**Nahahanap na Mapa –** Hanapin nang hindi nagpapakilala ang mga detalye tungkol sa paggamit ng pesticide na may nililimitahang sangkap, kabilang ang petsa at oras ng nakatakdang paggamit, produktong gagamitin at aktibong sangkap nito, paraan ng paggamit at bilang ng ektaryang paglalagyan nito.

**Pag-opt in sa mga Abiso –** Ilagay ang address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para makatanggap ng abiso 24–48 oras sa pamamagitan ng text at/o email bago ang partikular na paggamit ng pesticide.

**Mga Tip para sa Kalusugan ng Komunidad -** Matuto ng higit pa tungkol sa kaligtasan at kalusugan kaugnay ng pesticide, pati na rin kung paano kinokontrol ang mga ito sa California.

### Paano Ito Gumagana

**I-explore ang Mapa –** Tingnan ang nakaiskedyul na mga partikular na paggamit ng pesticide sa buong California o hanapin ang isang address.


**Tumanggap ng mga Abiso –** Subaybayan ang partikular na address sa California at makatanggap ng mga update kapag ang paggamit ng pesticide na may nililimitahang sangkap ay nakaiskedyul sa malapit.

**Manatiling May Alam –** I-access ang mga FAQ at mapagkukunan.

## Tatlong Paraan para Gamitin ang SprayDays


### 1. Maghanap ayon sa Address

**Ilagay ang address para makahanap ng partikular na paggamit ng pesticide sa malapit**





### 2. I-explore ang Pesticide Map

**I-navigate ang interactive na mapa para makita ang partikular na paggamit ng pesticide sa mga lugar na intersado kang malaman**



### 3. Mag-sign up para sa mga Abiso

**Magbigay ng anumang address sa California at isang email o numero ng telepono para makatanggap ng impormasyon kapag may nakaiskedyul nang partikular na paggamit ng pesticide**




## Kumuha ng Karagdagang Impormasyon Ngayon!

**I-scan ang QR code** para ma-access ang mapa ng **SprayDays** o mag-sign para sa mga abiso.

**Bisitahin ang** cdpr.ca.gov/SprayDays (ilulunsad sa Marso 24, 2025)

**Mag-email sa** SprayDays@cdpr.ca.gov

SprayDays California

California Department of Pesticide Regulation